# Chapter One

"Wait." Salubong ang mga kilay ni Leslie sa nobyo. "Puwede bang pakiulit mo 'yung sinabi mo? Mali yata 'yung dinig ko, eh."

"I'm sorry," mahinahong sabi nito. Natatakot yata dahil nagsisimula na silang pagtinginan ng mga tao sa loob ng restaurant. "This isn't working anymore. Mag-cool off muna tayo."

Leslie chuckled sarcastically. "Ang sabihin mo, gago ka lang talaga." Mag-aapat na taon na niyang boyfriend si Aaron, at alam na alam na niya ang likaw ng bituka nito. She knew exactly why he was breaking up with her.

"Can you please lower your voice?" He was

so scared of what other people would think. Pero wala itong pakialam sa magiging reaksyon o mararamdaman niya. "Let's talk somewhere else."

"You're dumping me because I refuse to have sex with you." Nakataas na ang kilay niya.

Ilang beses na kasi nitong ipinagpipilitan na ayos lang daw na magtalik sila dahil nagmamahalan naman sila. Tuwing lalabas sila ay nag-aaway sila dahil pakikipag-*kuwan* palagi ang bukambibig nito. Matagal-tagal na rin siyang nagtitiis kaya mag-iiskandalo talaga siya ngayon.

"Will you please keep quiet?"

"Ang sabihin mo ay manyakis ka kaya hindi ka makapaghintay."

It all started when they celebrated their second anniversary in Boracay. Dalawang oras bago ang departure nila ay nakaramdam na si Leslie na may kakaiba. Aaron was too touchy-feely and annoyingly sweet.

Wala itong ginawa kung hindi ang halikan siya sa pisgi, sa leeg, at sa labi. Para pa itong sawa kung makalingkis, at iritang-irita siya. Hindi naman siya tutol sa PDA, pero sobra na talaga ito. Nagtatabi naman sila sa kama. They would cuddle and kiss, but that was it. Seryoso kasi si Leslie sa pangako

niya na sa gabi lang ng kasal niya isusuko sa asawa ang Bataan.

*"What the hell, Aaron!?" Itinulak niya ito palayo sa kanya. Nasa kuwarto nila sila noon sa* La Carmela de Boracay, *at naghahanda nang matulog nang bigla na lamang dakmain nito ang hinaharap niya. "Ano ba'ng problema mo?" Nandidiring pinagpag niya ang hinaharap.*

*"Come on!" He sounded irritated. "Hindi na tayo mga bata, Leslie." Nilapitan siya nito at saka sinubukang halikan at pahigaing muli.*

*"Don't touch me!" She struggled to get away from him. "You're an asshole!" Pagkasabi niyon ay inempake na niya ang lahat ng gamit niya saka nag-walkout. "Mag-anibersaryo kang mag-isa mo!"*

*Nag-book siya ng flight pabalik ng Maynila ora-mismo pagkatapos ay naghintay ng van na maghahatid sa kanya sa* Kalibo International Airport. *Nanatili siya lobby ng hotel nang mahigit na dalawang oras, pero hindi siya sinundan ng nobyo. Tinanggap na niya noon na iyon na ang tuldok ng relasyon nila. Dahil sa nangyari ay lalong naging matibay ang paninindigan ni Leslie.*

*The right man would respect her decision.*

Buong akala niya ay wala na talaga sila ni Aaron,

pero makalipas ang isang linggo ay muli siyang sinuyo nito. Humingi ito ng tawad at ng isa pang pagkakataon. At nagpauto naman siya.

Leslie forgave him, but she never forgot what he did. Binigyan niya ito ng pangalawang pagkakataon dahil ayaw naman niyang itapon na lamang basta ang ilang taong pinagsamahan nila. Naisip niya na baka nadadala lang ito ng mga kaibigan nitong may sa demonyo. There were more similar incidents that occured, but they managed to stay together for two more years.

“You could’ve at least waited for me to initiate the break up.” Sigurado siya na ang pagiging *birheng maria* na naman niya ang problema nito. “Nagpaka-gentleman ka naman sana kahit na kaunti.”

“Huwag mong isisi sa akin ’to!” gigil na sabi nito. “Mahal kit—”

“No, you don’t love me,” putol niya sa sentimyento nito. “Kung talagang mahal mo ako ay irerespeto at susuportahan mo ang desisyon ko. Kung talagang mahal mo ako ay maghihintay ka hanggang sa maging handa na ako.”

“Ako na lang ba ang palaging maghihintay?” Wala itong balak na aminin ang pagkakamali nito. “Ako? Kailan mo ako—”

"God created man first. Adam waited for Eve, and not the other way around." She's a Law student. Iyon siguro ng dahilan kaya wala sa bokabularyo niya ang magpatalo. "Kung gusto mong ikaw ang hinihintay ay magpakababae ka. Pumunta ka ng Thailand at magpa-sex change ka d'un!" She marched away with her head held high. *Mamatay ka sa kahihiyan diyang hayup ka!*

Kung kanina ay pasulyap-sulyap lang ang ibang tao sa kanilang dalawa, ngayon ay nakatitig na ang mga ito. Akala yata ng mga nag-uusyoso ay nagshu-shoot sila ng isang madramang teleserye.

That was the last time Leslie saw Aaron. Hindi na rin sila nakapag-usap pagkatapos ng dramahang naganap dahil binura at binlock niya ang contact information nito sa cellphone at sa lahat ng social media accounts na mayroon siya. Walang closure na namagitan sa kanila, pero ayos na rin iyon dahil baka masampal lamang niya ito.

"Mali ba ako?" tanong niya kay Paul. "Imposible ba talaga 'yung gusto kong mangyari, Kuya?"

Napakamot ito sa ulo. "Les…" Mukhang pati ito ay naguguluhan sa sitwasyon niya. "It's not your fault that Aaron's a jerk, okay? Tigilan mo na iyang pagse-self pity mo't nababagabag na ako."

"Are you and Camille doing *it*?" *Paano kung hindi na nga talaga 'yun appropriate sa panahon ngayon?* Hindi siya nalulungkot na hiwalay na sila ni Aaron, pero nagdadalawang-isip na siya sa No To Pre-Marital Sex advocacy niya.

"I-It… A-Ano'ng kinalaman naming dalawa dito?" Her brother looked like he was struggling with words. "Bunso, you deserve someone bet—"

"Kita mo na!" She interrupted him when he tried to change the topic. "Pati kayo nagawa n'yo na! Maybe I'm being a little too unrealistic and unreasonable about this virginity thingie."

"Bakit?" Nagsisimula na yatang maubos ang pasensya nito sa pangungulit niya. "May balak ka bang balikan 'yung kumag na 'yun?"

"Iniisip ko lang na baka ganito din ang kauwian ng susunod kong relasyon." Mariin siyang pumikit sandali at umiling. "Kuya! Paano kapag tumanda akong dalaga?"

Paul groaned and rolled his eyes. "You're only twenty-four, you're pretty. There's no way that you'll be an old maid, so stop thinking about it." Ikinulong nito sa dalawang kamay ang magkabilang pisngi niya. "You're overthinking. Don't stress yourself too much about it," he said in a big brother tone. Iyong

tonong ang dating ay wala kang choice kundi ang makinig dahil malilintikan ka. "Camille and I did it the night we got engaged. So technically, parang kasal na din kami n'un."

She sighed deeply. "I'm tired of being left behind. Ilang lalaki na ang nang-iwan sa akin. Pati mga magulang natin iniwan ako."

"Come one, Les." Nalaglag ang mga balikat nito. "Mom didn't leave you. Hindi niya ginustong mamatay noong ipinanganak ka niya. At si Papa, hindi lang ikaw ang iniwan niya, pati ako." He patted the top of her head. "At 'yung mga ex-boyfriends mo, walang kuwenta 'yung mga 'yun. Huwag mo na silang pag-aksayahan ng panahon."

"Pakiramdam ko kasi lahat ng bagay na ginagawa ko ay puro mali." She started sobbing. "What is wrong with me?"

He put his arms around her and hugged her tightly. "Walang mali sa 'yo, okay? The truth is you're smart kaya hindi ka maisahan ng mga manloloko. You're too smart that you tend to intimidate people just by looking at them. At mas gusto ng mga lalaki 'yung mas matalino sila sa mga dini-date nila. Trust me, I'm a guy."

She smiled sheepishly. "Are you saying you're

smarter than Ate Camille?"

"Oo naman!" Lumingon-lingon pa ito, parang sinisiguradong wala ang nobya nito sa paligid. "But don't tell her I said that, okay?"

"Okay." Nag-thumbs up pa siya. "I'm sorry if I'm being so melodramatic."

Pagkapanganak pa lamang sa kanya ay iniwan na sila ng tatay nila. They never saw him again after that. Ni hindi man lang nga sila kinumusta nito kahit na isang beses. Hindi rin nila ito masisi dahil wala pang beinte anyos ang mga magulang nila nang magkaanak.

Her mother had Paul when she was just seventeen, then two years later, Leslie was born. Marahil ay hindi kinaya ng batang katawan nito ang pagbubuntis kaya agad pumanaw nang mailabas na siya nito sa mundo. Actually, it was Leslie's reason why she's against sex before marriage. Natatakot siya na baka magaya siya sa love story ng mga magulang niya. Ayaw niyang lumaki ang magiging anak siya sa broken family.

Dalawang taon lamang ang tanda ni Paul sa kanya, pero napilitan itong mag-mature nang maaga. Ang maternal grandparents nila ang kumupkop sa kanilang magkapatid, pero nang magkatrabaho na

si Paul ay bumukod na rin silang dalawa.

Matanda na kasi ang mga ito, at ayaw na nilang kunsumuhin pa dahil may mga pinsan silang sa mga ito rin umaasa. Bumibisita na lamang sila at nag-aabot ng gastusin sa mga ito kahit paano.

Veterinarian si Paul at may sarili itong klinika. Ang girlfriend nito ay isang nurse sa *St. Luke's* sa Taguig. Siya ay isang Legal Assistant sa isang sikat na law firm sa Makati. Mula Lunes hanggang Biyernes ay nasa *Calder* office siya, kapag Sabado at Linggo naman ay nasa school siya.

Napag-isip-isip ni Leslie na tama ang Kuya Paul niya. She shouldn't pressure herself about finding love. Dadating iyon nang kusa kapag handa na siya. Nagdesisyon siya na sa career na lamang siya magpo-focus. Titigilan niya na ang paghahanap kay *Mr. Right.*

*He will come in God's perfect time.*

Leslie became too absorbed in her job and studies that she started to get physically sick. Masyado niyang pinapagod ang sarili kaya dumalas ang pagkakasakit niya. Hindi iyon nakaligtas sa radar ng Kuya Paul niya kaya kinompronta siya nito.

One night in October, a month before her birthday, masinsinan siyang kinausap ng kapatid niya at ng fiancée nito. Sinermunan siya ng mga ito tungkol sa pagpapabaya niya sa sarili.

"Look at the bags under your eyes," naiiling na puna ni Paul hitsura niya. "Ang pangit mo na!"

She rolled her eyes. "Magkamukha tayo. Kung pangit ako, pangit ka din."

"I'm not joking, Les." May babala sa boses nito na naririnig lamang niya kapag totoong disappointed ito sa kanya. "Mag-resign ka na. Kaya naman kitang pag-aralin, eh."

"He's right, bunso," segunda ni Camille. "Baka kung mapano ka pa sa ginagawa mo."

"Guys, you're overreacting." She chuckled. "I'm fine. Wala kayong dapat ipag-alala dahil malakas pa ako sa kalabaw."

"Les, I'm really worried about you." Sumeryoso ang mukha ni Paul. "You look awful. Tapatin mo nga ako, kailan ka ba huling nanalamin? Nagdadrugs ka ba?"

"Wala ka na bang ibang sasabihin? O buong gabi mong ipapamukha sa akin na ang haggard ng hitsura ko?" Hinampas niya ito ng throw pillow na yakap-yakap niya. "I can't believe that you're my

brother. You're so mean."

"Ang ibig sabihin lang ng kuya mo ay magpahinga ka," Camille told her sweetly. "Hindi naman iyon bawal, di ba?"

"Okay. Fine. Magpa-file ako ng vacation leave. Pero hindi ako magre-resign. Ayos na ba 'yun?"

"Papayagan ka ba ng boss mo na mag-leave nang kalahating buwan?" It was her brother.

"Two weeks?" Nagsalubong ang kilay niya. "That's too much. Puwede na 'yung isang linggo."

"Hindi sapat ang one week." May kinuhang sobre si Camille mula sa handbag nito. "This our birthday gift for you." She handed it to her.

Muntik malaglag sa kinauupuan si Leslie nang mabasa ang nasa loob ng sobre. "A cruise?" Di siya makapaniwala. "Is this for real?"

Sumatsat ang kuya niya. "My bank account says it is."

Kalahating buwan siyang papalaot para libutin ang Southeast Asia. "Wow!"

"Don't get too excited dahil standard accommodation lang na-afford ko." Ngumisi ito sa kanya. "Huwag ka na pating mag-inarte dahil mahal na masyado 'yung deluxe, at hindi ka naman masyadong maganda."

Leslie hugged her brother and kissed Camille on the cheeks. "Thanks, guys. You're the best." Wala siyang pakialam kahit na nasa pinakailalaim ng barko ang kuwarto niya. Ang mahalaga ang magku-cruise siya.

# Chapter Two

Leslie resigned from her work. Hindi in-approve ng boss niya ang vacation leave na hiniling niya. Isa pa, panahon na rin siguro para mag-enjoy siya. She was not born to just pay the bills and die. Life is a gift, so she's going to celebrate it.

Makalipas ang isang linggo pagkatapos ng resignation niya ay lumipad na siya patungong Singapore. Doon kasi ang port kung saan nakahimpil ang *Yin Yang*, ang cruise ship na magiging tahanan niya pansamantala.

Napakaraming bilin ng kuya niya sa *NAIA* pa lang. Sangkaterbang pangaral ang binitawan nito

bago siya hinayaang mag-check in. Naiintindihan naman niya ito dahil iyon ang unang trip niya sa abroad nang mag-isa.

*"Ingat ka sa AIDS." Seryosong-seryoso ang mukha nito.*

*She rolled her eyes. "I signed a virginity pledge, remember?"*

*"Pinapaalalahanan lang kita." He kissed the top of her head. "I'm gonna miss you."*

*"Paul, let her go." Hinila ni Camille ang boyfriend nito. "She can handle herself." Binalingan siya nito. "Right, bunso?"*

*"Of course." Nilapitan niya ito saka niyakap. "Keep him out of trouble, okay?"*

*"I will." Camille kissed her cheeks. "See you in two weeks."*

Kung hindi pa nabatukan ni Camille si Paul ay hindi pa yata siya pakakawalan nito. Hindi rin maintindihan ni Leslie kung bakit bigla itong nagdalawang-isip sa pagbabakasyon niya gayong ito ang may pakana ng cruise na iyon.

Dumating siya sa Singapore isang araw bago ang cruise niya kaya nagkaroon siya ng pagkakataong maglibot-libot. Dumiretso siya sa *Universal Studios* nang makapag-check in sa *Furama Riverfront*. Tutal

ay nandoon na rin naman siya, lulubusin na niya.

Enjoy na enjoy si Leslie kahit na mag-isa siya. Paborito kasi niya ang *Minions* at si *Oscar the Grouch* ng *Sesame Street*. Naka-express pass pa siya dahil gusto niyang sakyan at pasukin ang lahat ng attraction doon. Leslie was just minding her own business when a familiar stranger approached her.

"Hi." Magalang ang pagbati nito, pero may kapreskuhang kasama.

"Can I help you?" She tried to sound as polite as she could. Ilang beses na kasi niya itong nakatabi sa mga rides. Sa *Transformers*, *Battle Star Galactica*, *Puss in Boots*, at *Madagascar*. Kanina pa niya ito nakikitang pinagmamasdan siya. Na-flatter pa nga siya dahil may hitsura ito. Matangos ang ilong at may mapupungay na mga mata. She even liked his naturally curly hair. She'd been waiting for him to talk to her, and now that he finally did, she was somewhat disappointed.

Muntik na kasi siyang matumba sa hangin nito.

"My watch stopped." Mayabang pa nitong ibinida ang *Omega* watch na suot. "Puwede bang malaman kung anong oras na?"

Hindi na siya nagulat nang mag-Tagalog ito. Halatang-halata kasi sa kayumangging balat nito

na magkababayan sila.

"It's three thirty PM." Pagkasabi niyon ay nilayasan na niya ito, pero sumunod ito sa kanya.

"I'm Tom." His height was probably around five eight or five nine. Walang kahirap-hirap na sinundan siya nito gamit ang mahahabang biyas. "What's your name, sweetie?"

*Sweetie?* Tuluyan na siyang na-turn off dito. Sinong matinong lalaki ang tatawag ng 'sweetie' sa isang babae sa unang pagkikita? Leslie tried to walk faster.

Nakaagapay pa rin ito. Nagdesisyon na lamang siyang huwag itong pansinin. Nagpanggap na lamang siyang hindi ito nakikita at naririg.

"Bakit ka pala mag-isa?" patuloy na pangungulit nito sa kanya. "Nagso-soul searching ka?"

"Hindi ako mag-isa. My family's with me." She turned to enter *Water World*. *Sana ay regular ang pass niya para hindi na niya ako masundan,* saloob-loob niya.

"Buti na lamang at naka-express din ako, ano?" sarkastikong komento nito. He took the seat next to her without even asking if she'd mind. "Where's your family?"

Mabilis siyang nag-isip ng ipambabara rito.

"Nasa hotel. Galing na kasi sila dito noon."

"I see." Mukhang naniwala ito. "Do you mind if I ask you out to dinner tonight?"

Kung hindi sana ito presko ay baka um-oo pa siya, pero dahil daig pa nito ang tornado sa lakas ng hangin ay tumanggi siya. "I'm engaged."

"Engaged?" He looked at her in a funny way. "I don't see an engagement ring."

"More than half a million pesos ang halaga n'ung singsing ko." Siguro sa dami ng nabasa niyang libro kaya masyado siyang creative minsan. "It's not something that I would want to put on public display."

He stroked his chin as if weighing her words. "What does your fiancé do? Is he a politician or a celebrity? Wala kasing matinong tao na bibili ng ganoong kamahal na singsing."

Natameme siya sandali. *Bakit ang bilis niyang makaisip ng pambara?* "It's none of your business." Nagpanggap siya na busy sa panonood ng water show.

Leslie prayed na sana ay matapos na ang palabas para makalayo na siya sa katabi niya. Hindi kasi ito tumitigil sa pagsasalita. He kept on talking even though she'd been hinting that she'd prefer it if he

kept his mouth shut. Nakahinga siya nang maluwag nang sa wakas ay matapos na ang pinapanood nila.

Nagpasingit-singit siya sa karamihan para mahirapang sumunod sa kanya si Tom. Nagtagumpay naman siya dahil nakalabas siya ng *Universal Studios* nang hindi ito nakikita. Dahil sa sobrang kagustuhan niya na mawala ang buntot niya ay umuwi na lamang siya kahit may ilang attraction pa siyang hindi napupuntahan.

She had to be at the port early morning next day, so she arranged her things before grabbing some dinner. Naisipan niyang sa *Marina Bay* maghapunan dahil narinig niya sa ilang mga kakilala na maganda raw doon.

Maganda nga ang lugar, pero dahil hindi siya masyadong fanatic ng foreign cuisine ay pinili niyang sa isang pizza house na lamang kumain. Kakatapos lamang niyang um-order nang pagsisihan niya ang desisyong sa *Marina Bay* maghapunan.

"Nakapunta na din ba dito 'yung family at fiancé mo kaya mag-isa ka na naman?" Tom occupied the seat in front of her. "Hindi ka dapat nila hinahayaang mag-isa dahil baka makidnap ka. Ganda mo pa naman."

She blushed at the compliment. Pinilit niyang

itago na naapektuhan siya. "Are you stalking me?" Tinaasan niya ito ng kilay.

"Why did you lie about your family and your fiancé?" Parang hinahamon siya nito. "At bakit mo ako nilayasan kanina?"

"Because you're creepy."

"What?" Natatawa pa ito. "I'm not even a bit creepy."

Tinitigan niya lamang ito nang masama.

"Fine." He leaned forward. "I'm sorry if you think that I'm some kind of weirdo. I just like to get to know you. 'Yun ay kung okay lang sa 'yo."

Bumilis ang tibok ng puso ni Leslie sa sinabi ng kaharap. Natameme siya dahil attracted naman talaga siya rito. Nagkataon lang na may kaunting kayabangan itong taglay.

"So?" Tom held out his hand. "Puwede ko na bang malaman kung ano ang pangalan mo, at kung totoong engaged ka na?"

Mukha namang sinsero ang pagso-sorry nito. Isa pa ay magkababayan naman sila. Hindi siguro masama kung makikipagkaibigan siya.

"Leslie." Kinamayan niya ito, pero napabitaw siya kaagad. May malakas kasing static na namagitan sa kanila nang magdikit ang mga palad nila. "H-hindi

din ako engaged."

Lumawak ang ngiti sa mga labi nito. "Do you mind if I share your table?" Kumikinang din ang mga mata nito habang pinagmamasdan siya. "I promise I not to be creepy."

Hindi niya nakayanan ang pagtitig nito sa kanya kaya nagkunwari na lamang siyang natatawa. "S-sure."

Natapos sila sa pagkain, at consistent ang pagiging likable ni Tom. Nagsisimula nang mabura ang pangit na impression niya rito. Natutuwa siyang malaman na marunong din pala itong manahimik. He even paid for their meal. She was actually thinking of really befriending him when he said something that pissed the hell out of her.

"Gusto talaga kitang kilalanin." Itinuon nito ang mga siko sa lamesa. "Do you want to grab a beer?"

Naniniwala si Leslie sa kasabihan na *kapag may alak ay may balak* kaya mariin niya itong tinanggihan. "No, thank you. I should be going back to the hotel."

"Ihahatid na kita." Mabilis itong tumayo para alalayan siya.

Iniwasan niya ang kamay nito. "Huwag na."

"Why not?" Parang naguguluhan ito. "Akala ko

ba may *understanding* na tayo?"

"Understanding?" Sumatsat siya. "You're way ahead of yourself, Tom. It'll take more than a meal for us to have any sort of understanding."

He combed his hair with his fingers. Parang napipika na ito sa mga sinasabi niya. He didn't said say anything. He was, however, clenching his jaw.

Leslie left him. She was relieved when he didn't follow her. She was really starting to like him. Mukhang kapareho lamang ito ng ibang lalaki na sa sex naka-base ang pagkakagusto sa isang babae.

*Sayang. Mukha pa naman siyang matino kumpara kay Aaron.*

Back in her hotel room, she spent the night talking to Paul and Camille. Malakas kasi ang pakiramdam niya na matatagalan bago siya magkaroon ulit ng Internet connection, kaya nilubos na niya ang pakikipag-usap sa dalawa. She told them about her day, but left out the part where she met Tom. Baka kasi mag-alala pa ang mga ito. Paniguradong susunduin siya ng kuya niya sa Singapore nang wala sa oras.

# Chapter Three

Maganda ang gising ni Leslie kinaumagahan. She took a bath and prepared for her cruise. Binati pa niya ang lahat ng nakasalubong niya sa sobrang ganda ng mood niya. Pati iyong guard at chambermaid na nakasabay niya lang sa elevator ay binigyan pa niya ng tip.

Sigurado siyang walang makakasira ng araw at ng bakasyon niyang ito.

Narating niya ang port nang walang kahit na anong nakasira sa ngiting naka-plaster sa mukha niya.

Kekendeng-kendeng pa siya paakyat sa barko nang makuha niya ang susi ng kuwarto niya. She

was loving everything so far.

*Malaki ang boat kaya siguradong hindi ko masyadong mararamdaman ang mga alon.*

Everybody was polite, especially the crew.

Agad niyang inilapag ang mga gamit niya sa couch sa paanan ng kama nang marating niya ang kuwarto niya. Siniyasat niya ang bawat sulok ng silid. It was small, but the interior was elegant.

Hindi naman siya maarte. Basta may air conditioner at sariling banyo ay masaya na siya. She took her small bag and started to arrange her toiletries. Masyado siguro siyang na-excite sa mga nagaganap kaya para siyang naiihi. Eksaktong pagsara ni Leslie ng pinto ng banyo ay siyang pagbukas ng pinto ng mismong kuwarto.

Tom was too tired to notice the bags sitting on the couch at the foot of the bed. Nag-bar hopping kasi siya nang nakaraang gabi kaya antok na antok pa siya. Agad niyang inihiga ang sarili sa kama. Hinayaan na niya ang mga gamit niya sa lapag. He took his shirt and pants off. Mas makakatulog siya nang mahimbing kung naka-boxers lang siya. Mahimbing na siguro ang tulog niya kaya hindi niya narinig na may nag-flush ng toilet sa banyo.

It was a scream that woke the hell out of him.

Hysterical si Leslie nang makita ang nakahigang lalaki sa kama niya. Hindi niya alam kung ano ang uunahin. Tatakbo ba siya palabas o kukuha ng panghampas dito?

Napabalikwas si Tom. He immediately got out of the bed. "What the f*ck! Get out of my room!"

"Ikaw!" sabay nilang bulalas nang mapagsino ang isa't isa. "Ano'ng ginagawa mo dito?"

Nasa magkabilang gilid sila ng kama. Nasa kanang bahagi si Leslie, may hawak na lampshade. Si Tom ay ginawang pananggalang ang unan na yakap-yakap.

"Stop following me!" hiyaw ni Leslie. "I'm calling security!"

"Lakas din naman ng fighting spirit mo, ano?" He chuckled. "You already made it clear last night that you're not interested in me. And for your information, I don't chase girls. Girls chase me."

"You're so full of yourself!" Gusto niyang masuka sa naririnig. "Eh, bakit ka nandito kung hindi mo ako sinusundan?"

"Nandito ako sa barkong ito dahil magku-cruise ako." Binitawan nito ang unan saka humalukipkip. "At nandito ako sa kuwartong 'to dahil kuwarto ko 'to, okay? Kaya kung ako sa 'yo ay lalabas na ako."

"No. Kuwarto ko 'to kaya ikaw ang umalis." She took the key from her pocket and showed him the tag with the room number. "Kita mo na? Akin ang kuwarto na 'to. Can you disappear now?"

He rolled his eyes. Pinulot nito ang pantalong nasa sahig. He took out his own key and showed it to her. "Kita mo? Kuwarto ko din ito."

Hindi siya makapaniwala. Pareho ang room number na nakalagay sa mga susi nila. "How's that even possible? Hindi tama ito." *Bakit ako bibigyan ni Kuya ng kuwarto na may kasamang lalaki na hindi ko kilala?*

Ngumisi ito. "If I know, sinadya mo talaga 'to para makasama ako."

Naibato ni Leslie sa lalaki ang lamp shade na hawak niya. Wala siyang pakialam kahit na ilang gamit pa ang masira niya, ang mahalaga ay masaktan niya ang mayabang na nasa harapan niya. Sa malas, malinis nitong nasalo ang ibinato niya. Ipinatong nito iyon sa sahig dahil may lamp shade din sa bedside table na malapit dito.

"Don't flatter yourself, mister. Hindi kita type."

"Okay. Just calm down. I'm sure somebody can fix this."

"Magdamit ka nga!" Saka lamang niya na-realize

na hubad pala ito. Kitang-kita niya ang abs at ang *karug* nito. Nag-init tuloy ay buong katawan niya.

*Palpak na nga ang cruise ko, 'tapos karug pa niya iniisip ko!*

Ipinilig ni Leslie ang ulo. Minsan talaga ay sinusumpong siya ng kagagahan.

"At bakit naman kita susundin?" Tom shrugged. "Am I making you uncomfortable?" Nag-flex pa ito ng muscles para asarin siya.

*Ugh!* Nagtagis ang bagang niya sa inis dito, pero hindi pa rin napigilan ni Leslie ang humanga sa ganda ng katawan nito.

"I'm calling someone from the management. If you want them to see you like that, then be my guest. Bahala ka sa buhay mo." *Makakahanap ka din ng katapat mong malandi ka!*

May dumating na supervisor, pero wala itong naitulong sa problema nila. Lalo pa nga yatang lumala.

"What did you just say? Pakiulit nga." She was just too annoyed to be polite. "Ang sabi ko, ulitin mo 'yung sinabi mo!" Nakalimutan na niya na hindi nakakaintindi ng Tagalog ang supervisor na kaharap nila.

"I'm sorry, ma'am," mahinahong paliwanang

nito. "There was a little mistake, and we apologize for it. The thing is—"

Nagsuot naman si Tom ng pang-itaas, pero nanatiling naka-boxers shorts lang. "Are you saying that you can't do anything to fix this?"

Muli, humingi ng tawad ang maputing supervisor. "We would do everything to make your stay here comfortable. Unfortunately, there isn't an available room."

"That's unacceptable!" Malapit nang umusok ang ilong ni Leslie sa inis. Sa termino ng Kuya Paul niya, malapit na siyang mag-*Super Saiyan*. "I'm not sharing a room with anybody! Much less with this creep!"

"Me? A creep?" Itinuro ni Tom ang sarili. "Well, I'm not sharing a room with an Amazon!" Nakapamaywang pa ito. "You have to pull all the strings that you've got to make this inconvenience go away." Hindi na din nito napigilang mainis at magalit.

"We will give you a fifty percent discount on your next cruise with us." Akala siguro nito ay madadaan sila sa discount-discount. "And we'll give you a refund for this one."

"I'm still not sharing my room with him! Do you

understand?" mataray na sabi niya sa Singaporean na nahihirapan na sa kasungitan nilang dalawa. *Aba! Kasalanan nila ito, ano!*

"You'll be VIPs on your next sail with us," patuloy nito. "We will give you free chips to the casino."

"Now, we're talking." Nagningning ang mga mata ni Tom nang marinig iyong free casino chips. "Can you, at least, provide me with an extra mattress, blankets, and pillows?"

"Yes, sir!" Nagliwanag ang mukha ng supervisor. "They will be delivered here shortly."

Medyo humupa ang galit ni Leslie nang marinig ang mga freebies na ino-offer sa kanila, pero hindi pa rin siya payag na makasama si Tom sa iisang kuwarto. "I want your room."

"Ma'am?" Confused na confused ang mukha nitong binalingan siya. "M-my room?"

"Yes. Your room," malditang sabi niya. "I'll have that instead."

"I'm sharing a room with three other supervisors," paliwanag nito. "I'm really sorry, ma'am. A mix up hap-"

"Fine." She sighed.

"Do you really have to be that rude to her?" Tom

asked her when the supervisor had left. "It's not her fault, you know?"

"Whatever." Tinaasan niya ito ng kilay. "You were also rude until you heard the word 'casino'. Stop acting like you're a nice guy because you're not."

Dumating ang casino chips, ang kama, ang kumot, ang unan, at lahat ng ipinangako ng supervisor na nakausap nila. Kung kanina ay nag-aaway sila dahil sa pagkakasama nila sa iisang kuwarto, ngayon ay pinag-aawayan nila kung sino ang gagamit ng extra bed na kakadating lang.

"Akin 'yang mga 'yan," anunsyo ni Leslie. "Don't touch them."

"Ginagawa mo ba ito para isipin na mga tao na hindi ako gentleman?" Tom was sitting on the sofa. "Sa taas ka at sa baba ako, okay? Tapos na ang usapang ito."

"No," matapang na kontra niya sa sinabi nito. "Nahigaan mo na 'yang kamang 'yan. There's no way I'm using that because your germs are already there."

"Are you for real!?" Natawa na lamang ito. "Bahala ka nga sa buhay mo. Gawin mo lahat ng gusto mo. Basta ako, magka-casino." He stood and went to the door. "Goodbye."

"It's eleven in the morning, and you're planning

on gambling." She looked at him with disgust. "You're unbelievable."

"Wish me luck," he said with a grin. "See you later, sweetie."

Leslie made a face. *There's that 'sweetie' again! Sana maubos kaagad 'yang chips mo sa loob ng isang oras.*

"If you use that endearment on me again, I'll carve your eyes out of their sockets."

Tom left with a shrug. Ni hindi man lamang ito natakot sa banta niya.

On the other hand, kung matagal bago malimas ang chips ni Tom, mas matatagalan din bago ito makabalik.

"Asshole." Naupo siya sa kama niya sa sahig. "Kapag minamalas ka nga naman talaga." She sighed. *Siguro may balat sa puwet 'yung lalaking 'yun kaya nangyari ang lahat ng ito.* "Ugh! Buwiset!"

She heard the last call for the remaining passengers that hadn't boarded yet.

Thirty minutes after, the captain announced that they had raised the anchor, and that they had sailed away from the port.

Masyado pang maaga sa kanya para magpakasaya. Leslie thought she would have an early lunch. She walked toward the buffet table. Ayaw na niyang makisabay pa sa dami ng taong dadagsa sa restaurant ng barko pagsapit ng eksaktong oras ng tanghalian.

Nang dumami na ang tao sa resto, nagpagdesisyunan niyang tumayo at maglibot-libot kahit hindi pa niya ubos ang pasta niya.

She's been in love with Leonardo DiCaprio since she could remember, so she did what some Titanic fan might have done. Pumili siya ng lugar kung saan pinakakaunti ang tao para sumampa sa railings at mag-ala-*Jack and Rose*— nang mag-isa.

*I'm the queen of the world!*

She even softly hummed Celine Dion's *My Heart Will Go On*.

Leslie was starting to forget about the unpleasant experience regarding her room. Pakiramdam niya ay nasa paraiso siya. Parehong-pareho ang pagka-asul ng dagat at ng langit at nagawa niyong pagandahin ang mood niya.

Nagtungo siya sa tabi ng pool at nanatili roon buong maghapon habang nagbabasa ng libro. Natapos na niya ang *The Great Gatsby*, at nasa

second chapter na siya ng *Wuthering Heights*.

Bandang alas siete ng gabi ay nagdesisyon siyang magpalit muna ng disenteng damit. Naka-two piece swimsuit kasi siya at balak niyang magpunta sa casino.

Naglakad na siya pabalik sa kuwarto *nila*.

Tumaas nang pagkataas-taas ang kilay niya. Mayroon kasing 'Do Not Disturb' na nakasabit sa doorknob ng kuwarto *niya*.

*Do not disturb your face! Kuwarto ko din kaya ito!* Hindi niya iyon pinansin at dere-derecho siya pagbukas ng pinto.

"What the he—"

Kaagad niyang pinagsisihan ang ginawang pag-ignora sa sign sa labas ng pinto.

*Shit!*

Nandoon si Tom at may kasama itong halos hubad na babae. Magkapataong ang dalawa, pero dali-daling nagtago ang mga ito sa ilalim ng kumot nang pumasok siya.

"Hindi mo ba nakita 'yung nakalagay sa labas?" He was furious. Nag-unibrow ang mga kilay nito sa sobrang pagkakasalubong. "Don't you know how to read? Sana kumatok ka man lang, di ba?"

"I know how to read!" Umakyat hanggang sa

anit niya ang galit na nararamdaman niya. "At bakit ko kailangang kumatok? Baka nakakalimutan mo na hindi mo solo ang silid na ito! O baka naman wala ka lang talagang delikadesa kaya ganyan ka ka-insensitive sa mga kilos mo!"

"What?" He struggled under the sheets. Mukhang sa wakas ay nagdadamit na ito. "Anong delikadesang pinagsasabi mo diyan? This is my room and I have all the rights to do whatever the f*ck I want!"

"If you have any decency in your body, hindi ka magdadala ng kalandian mo dito dahil alam mong babae ang kasama mo sa kuwarto!" Gustong-gusto na talaga niya itong sabunutan, sakalin, at sampal-sampalin. "You could've at least done it in her room!"

"Dapat talaga sa kuwarto niya, kaso may tatlo siyang kasama doon!" Nanlilisik ang matang tinitigan siya nito. "Puwede ka na bang umalis?"

"At saan ako pupunta, aber?" Nababaliw na ito kung iniisip niyang basta na lamang siya magpapatalo. "Kayong dalawa ang lumayas!"

"Guys?" sabat ng babae sa kama. "I think I should go." Inayos nito ang suot saka nagpaalam kay Tom. "See you later, okay?"

"'Bye, babe."

Naghalikan pa ang mga ito nang malaswa!

"Sorry about this. I'll make it up to you, I promise," narinig pa niyang sabi ni Tom.

Masuka-suka si Leslie. Impit siyang napasigaw. Halata naman kasing niloloko lang nito iyong babaeng kalalabas lang. "Ano ba'ng ginawa kong kasalanan at pinaparusahan ako nang ganito?"

"Pasensya ka na." Biglang nagbago ang tono nito. He sounded… sincere. Marahil naisip nito na tama siya. "Akala ko kasi mamaya ka pa babalik, eh."

Mataman niyang tiningnan ito. *Is this some kind of trick?*

"J-just make sure this won't happen again."

She was seriously scolding him when she saw *it*. Nakaumbok sa boxers nito ang pagkalalaki nito. Leslie blushed. Muntik na siguro siyang naging purple sa sobrang pamumula. "M-magdamit ka nga."

"This boner isn't going anywhere unless I do something about it. No amount of clothing will conceal it, you know?" Sumatsat ito. "Kasalanan mo din 'to dahil inistorbo mo ang pangangailangan ng katawang-lupa ko."

She rolled her eyes. "I hate you." Hindi na siya

natuloy sa casino ng barko. Minabuti na lamang niyang manood ng fireworks sa pinaka-ibabaw na deck suot ang swimwear niya.

*He is such a jerk!*

Nang bumalik siya sa kuwarto makalipas ang halos dalawang oras ay wala na ang magaling niyang roommate. Ipinagpatuloy marahil nito ang naudlot na kalandian sa ibang lugar.

*Hindi na ako magtataka kung magka-AIDS ang walanghiyang iyon bago pa matapos ang cruise na ito.*

Tom didn't sleep in *their* room that night and Leslie was not sure why it bothered her. Was she concerned about him?

*Eh, ano naman ngayon kung mahulog siya sa dagat?*

"Bagay lang sa kanya 'yun," malakas pang sabi niya.